

# PROLOGUE

“Nathan, okay ka lang ba?” nag-aalalang tanong niya.

Unti-unti itong tumingin sa kanya. “Gusto ko lang mapag-isa,” matipid na sagot ng lalaki saka ibinalik kaagad ang paningin sa dagat. Hindi pa siya nakakapagsalita nang bigla ulit itong nagsalita. “Ang sarap pagmasdan ng dagat. Nakakakalma ng puso. Kung papaanong hindi napapagal sa pag-alon ng dagat, sana gan'on din ang mga tao; hindi mapagod lumaban kahit gaano kahirap ang iparanas ng buhay sa kanya.”

Hindi niya alam kung ano ang isasagot dito. Alam niyang malalim ang pinanghuhugutan ng mga sinabi nito. Hinawakan niya ang balikat ni Nathan. Gusto niyang iparamdam sa lalaking nasa harapan na hindi ito nag-iisa. Na nandito lang siya para dito.

Hinawakan din nito ang kamay niya at tumingin sa kanya. Naaawa siya na makitang ganito ang lalaking aminado siyang unti-unti na niyang minahal.

Nagulat siya sa sunod na ginawa ng kaharap. Hinalikan siya ni Nathan sa kanyang mga labi. Hindi siya nakakilos. Hindi din niya ito magawang itulak.

Ganito pala kasarap ang pakiramdam ng mahalikan? Iyon ang kanyang unang halik.

Hindi niya namalayan na unti-unting hinayaan na niya ang binata sa ginawa nitong paghalik sa kanya. Namalayan na lang din niya na nakayakap na siya rito habang patuloy na nakalapat ang mga labi nila sa isa't isa.

# 1

“Good morning, Sir and Ma’am,” masiglang bati ni Cielo sa mga bagong kakapasok lang na mga customers sa restaurant nilang *Patio del Carmen* kung saan siya nagtatrabaho bilang manager.

Agad din niyang pina-assist ang mga bagong dating sa isa sa kanyang mga crews. Bumalik naman siya agad sa loob para ipagpatuloy ang kanyang ginagawang inventory.

Hindi niya maiwasang mapangiti habang pinagpapatuloy ang kanyang trabaho. Maganda ang nangyayari sa branch nila ngayon pagdating sa sales. Kailan lang nakatanggap siya ng sulat galing sa kanilang head office; nalaman niya na ang branch nila ang nangunguna sa lahat ng mga branches sa buong bansa. Nationwide ang restaurant na kanyang pinagtatrabahuhan. Natutuwa siya dahil nagbubunga ang lahat ng pinaghihirapan niya. Iba ang saya sa pakiramdam kapag naa-appreciate ng iba ang iyong maayos na trabaho.

Napansin ni Elaine ang kanyang pagngiti. Magkatabi lang halos ang kanilang table kaya hindi na din siya nagtaka nang bigla itong magsalita.

“Alam ko ’yang ngiting ’yan, mars. Kahit ako hindi maiwasang mapangiti kapag naaalala ko ’yang letter na natanggap natin kailan lang. Pero, mars, ’wag nating kalimutan na ang branch lang natin ang kumikita nang maayos. Kaya delikado pa din tayo, ’no!”

“Mars, alam ko ’yun. Pero hayaan mo naman muna ako na i-enjoy kahit sandali lang ang kinalabasan ng paghihirap natin. Hindi biro ang trabahong ginawa natin sa branch na ito para lang maging ganito kaganda ang sales, kaya deserve din naman natin na i-enjoy ang success,” paliwanag ni Cielo sa assistant manager na naging matalik na rin niyang kaibigan.

“Okay, fine, mars. Kaligayahan mo ’yan at alam mo naman ako, supportive friend ang palaging peg ko sa ’yo. Kaya sige, kahit sanlibong beses pa kitang makitang ngumingiti d’yan mag-isa, go lang. Enjoy the fruit of your success.”

Pero tama rin si Elaine tungkol sa di pagbenta ng ibang branch. Bigla tuloy siyang nag-alala; paano kung tuluyang magsara ang restaurant na ito? Hindi niya yata madaling matatanggap iyon kung mangyari man.

Malaki ang naitulong sa kanyang buong pamilya ang pagtatrabaho niya bilang manager ng

restaurant na ito. Napatapos na ni Cielo ang kapatid na lalaking sumunod sa kanya at pinapaaral ngayon ang pinakabunso. Pagka-graduate ng kapatid niyang babae, bahay at lupa naman ang sunod niyang gustong maibigay sa ina. Hindi nila sarili ang bahay na tinitirhan ngayon at nangungupahan lang sila.

Bata pa lang ang dalaga, naging mahirap na sa kanya ang buhay simula nang iwan sila ng kanilang ama. Namatay ito sa sakit na tuberculosis, lumala nang husto at huli na nang malaman nila. Kaya talagang pinilit ni Cielo na makapagtapos ng kanyang pag-aaral para maiahon sa hirap ang buong pamilya. Naging working student siya at nang makatapos sa kolehiyo, hindi na naging mahirap sa kanya ang makahanap ng restaurant na tatanggap sa kanya dahil na rin sa mga work experiences niya.

May limang taon nang nagtatrabaho si Cielo bilang manager sa restaurant na ito. Malakas na talaga ito noon bago pa siya pumasok bilang manager, kaya nga ginusto niyang magtrabaho roon. May tatlong taon din siyang naging empleyado sa ibang restaurant pagkatapos niya ng kursong Hotel and Restaurant Management, bago nag-apply sa *Patio del Carmen*. At ngayon nga ay ang branch nila ang pinakamaganda ang kita.

Hindi namalayan ni Cielo ang oras, natapos na pala niya ang kanyang mga ginagawa at hindi din nagtagal, natapos na ang buong araw niya sa pinapasukan na restaurant.

---

“Nathan, what did you do? Ubos na ubos na ang pasensya namin sa 'yo! Ano na naman 'tong kalokohang ginawa mo? Kailan ka ba titigil? Hanggang kailan ka maglalasing? Kailan ka hihintong makipag-away, hanggang kailan, Nathan?” galit na galit na sigaw ni Cesar del Carmen, ang kanyang ama.

Huminto lang ito dahil umawat na ang kanyang mommy.

“Ako na'ng bahala sa anak natin. Tama na. Go upstairs, please,” mangiyak-ngiyak na sabi rito ng ginang.

“Talk to your stubborn son! Patinuin mo. Hindi na 'yan bumabata. Tumatandang paurong,” singhal pa ng tatay niya bago ito tuluyang umalis.

Naiwan silang mag-ina sa kanilang sala. Hinintay ni Nathan na magsalita ito at sermonan siya pero ilang minuto na ang lumilipas, hindi pa rin nagsalita ang kaharap. Tiningnan niya ang inang si Marla at nakita na umiiyak ito habang nakatingin sa kanya.

“Son, it’s been two years, hindi ka pa din ba okay? Hanggang kailan mo sisirain ang buhay mo? Hanggang kailan ka magpapakulong sa nangyari sa nakaraan? Anak, hinayaan kita nang dalawang taon kasi naniwala ako na lilipas din ’yang mga ginagawa mo at babalik ka sa dati... pero, anak, hirap na hirap na kami ng daddy mo. Hirap na hirap na ako. Hindi lang ikaw ang iniintindi namin, may dalawa ka pang kapatid at mas bata sila sa ’yo. Ikaw ang kuya nila, mas kailangan nila kami. Ang mga negosyo natin, unti-unti nang bumabagsak. Ngayon ka namin mas kailangan, Nathan. Ngayon ka namin kailangan,” paliwanag ng ina.

Ngayon niya lang nakitang umiyak nang ganito si Marla del Carmen.

Hindi niya namalayan na may luha na rin na tumutulo mula sa kanyang mga mata. Ngayon niya lang na-realize kung paano niya pinabayaan ang sarili at ang mga tao sa kanyang paligid.

Unti-unti, nahimasmasan ang binata. Tiningnan niya ulit ang kanyang ina. Patuloy ito sa pag-iyak. Hindi na niya kayang makita itong nahihirapan kaya agad niyang niyakap ang magulang.

“I’m sorry, Mom. I’ve been selfish. I’ve been self-centered, I’m sorry. I’m sorry.”

Niyakap din siya ng ina.

“I don’t know where and when to start, Mom. All I know now is I’m tired doing all these things. I want to move on. I want to be healed from the past,” pag-amin niya habang patuloy ang pag-iyak.

“We’re here to guide you, Nathan. We’re here to help you move on.”

Mahigpit siyang niyakap ni Marla. Pagkalipas ng dalawang taon, ngayon na lang ulit niya ito naramdaman, na mayroon pa pala siyang dahilan para mabuhay.

---

“Ate Cielo, sabay na tayo, ah,” masiglang sabi sa kanya ng bunsong kapatid na si Charise.

“Okay, sige. Pero ’wag kang matagal ha. Aalis na din ako agad at kailangan kong dumating ngayon sa restaurant nang mas maaga.”

“Okay, Ate. Kailan ka ba dumating sa *Patio del Carmen* nang hindi maaga? Nga pala, Ate, malapit na prelims namin, ha. ’Yung pambayad sa tuition fee.”

“Anak, wala na din pala tayong bigas, at ’yung gas, malapit na ding maubos,” sabat ng kanyang nanay na kasama nilang nag-aagahan.

“Sige po, ’Nay, ito na po.” Inabot niya sa ginang ang pera.

“Cris, kumusta ang pag-a-apply mo ng trabaho?” untag niya sa isa pang kapatid.

“Wala pang tumatawag, ate. Kapag wala pa din hanggang bukas, magsisimula na ulit akong mag-apply sa iba. Pahiram muna ng pera, ate, ha. Panggastos lang,” sagot nito.

“Okay, sige.”

Matapos kumain, agad na din silang umalis ng kapatid na si Charise. Bukod sa palagi talaga siyang umaalis nang maaga sa kanilang bahay para hindi ma-late sa pinapasukan, mayroong mahalagang mangyayari ngayong umaga: May meeting siya sa mag-asawang del Carmen, ang may-ari ng restaurant na kanyang pinagtatrabahuhan.

Ang alam ni Cielo na dahilan ng pag-uusap na gagawin nila ay ang magandang nangyayari sa kanilang branch. Kung mayroon pang ibang pag-uusapan, hindi na niya alam kung ano pa. Kinakabahan siya na nae-excite. Ito din kasi ang unang pagkakataon na makakaharap niya ang mag-asawa. Ang ibang mga big boss ang madalas niyang makita pero hindi ang mismong may-ari.

*Bahala na, bulong ni Cielo sa sarili.*

Hindi nagtagal at nakarating na rin siya sa pinapasukang trabaho at mayamaya lang din ay dumating na ang mga inaasahang bisita. Agad nagsimula ang kanyang meeting sa mag-asawang del Carmen. Hindi naman iyon nagtagal at pagkatapos ay umalis din agad ang mag-asawa.

At pagkakitang-pagkakita sa kanya ng kaibigang si Elaine, agad siya nitong inusisa.

“Mars, kumusta? Promoted ka na naman ba? Bilis, mars. Kuwento na.”

Hindi niya maiwasang matawa sa kaibigan. “Wala namang promotion na nangyari, pero good news pa din. Dahil sa magagandang nangyayari sa branch natin, meron tayong makukuhang bonus at mga incentives kapag nagtuluy-tuloy ang maganda nating record. Pumunta sila dito para personal na makapagpasalamat sa ating lahat,” masaya niyang kuwento kay Elaine.

“Ayy, gusto ko ’yan, mars. Masaya. Ang sarap magtrabaho kung ganito. Ang bongga!”

“Bongga talaga, kaya mabuti pa, bumalik na muna ulit tayo sa ating trabaho.”

“Game ako d’yan, mars. Work na muna tayo ulit.”

---

“Nathan, your mom and I talked already about your plan of going back to business,” pasimulang sabi ng kanyang daddy habang nagdi-dinner sila.

Nag-uusap na sila ngayon ilang araw matapos ang kanilang naging emosyonal na usapan ng kanyang ina.

“What’s the plan?” tanong niya.

“We will be needing your cooperation. Sana okay lang sa iyo itong naisip namin ng mommy mo, anak.”

“Anything, Dad, Gusto ko din namang makabawi,” sinserong saad ni Nathan.

“Anak, isang branch lang ng *Patio del Carmen* ang maganda ang sales ngayon. Lahat ng mga branches natin, they are just surviving. We need to know the secret behind the success of that one branch in Manila. Yun ang kailangan mong alamin, anak, aralin mo ang mga pasikot-sikot sa branch na iyon para iyon ang i-implement natin sa ibang branches ng *Patio del Carmen*.”

“Okay, Dad. So when I will start observing in that branch?” tanong niya; excited na sa gagawin.

“You would not only go there to observe, you’ll work there as a waiter.”

“What?” Napalakas ang tanong niya nang marinig ang sinabi ng ama.

“Anak, this is the best move that we could do. You need to work there and pretend to be an ordinary employee para makita mo talaga kung ano ang kalakaran doon. Para wala silang maitatago sa ’yo. We’re doing this for a purpose, anak. Just trust us, kailangan mo ito, kailangan ito ng business natin,” paliwanag na rin ng kanyang mommy nang marinig siya.

“But, Mom, maybe we can have other options? This is too risky. I’m not an actor. I can’t promise to be good at this,” paliwanag pa ni Nathan.

“Do this for us, for our family, for our business,” anang kanyang ina.

Tumingin siya sa ama. “Nathan, we know you. Alam namin na kaya mong gawin ang lahat basta gustuhin mo. Isipin mo na lang na maisasalba mo ang business natin kapag ginawa mo ito. No one will know that you are pretending. You’ll just work there and observe everything. Anak, please,” sabi nito.

Saglit na natahimik ang binata. Naiintindihan

*Lover Undercover - Jessie Yannah*

---

niya ang pinapaliwanag ng mga ito. Alam din niya ang sitwasyon ng business nila ngayon. Maybe this is a good start to move on and forget what happened in his past.

“Okay, I’ll do it,” matapang na sabi niya sa mga kausap.

## 2

“Mars, ready na sila in five minutes. Su’nod ka na ha,” sabi ni Elaine habang tinatapos ang ilan pang mga paperworks.

“Okay. Matatapos ko na din ito. Susunod na ako sa labas,” sagot niya.

Mayamaya lang ay natapos na din niya ang kanyang tinatrabaho. Sinimulan na ni Cielo na ayusin ang mga gamit at pati na rin ang sarili para makalabas na at masimulan na ang meeting niya sa lahat ng kanyang mga katrabaho sa *Patio del Carmen*. Siya mismo ang nagpatawag ng meeting. Hiniling niya na kumpleto ang lahat para sa ilang mahahalagang pag-uusapan nila ngayong araw.

Mayroon talaga siyang regular meeting sa mga ito, isa iyon sa nakita niya na maganda niyang ginawa para patuloy na maging maganda ang sales ng restaurant na kanilang pinagtatrabahuhan. Mayroon din silang bagong makakasama simula bukas at isa din iyon sa kanilang agenda. Tinawagan siya ng kanilang Head Office para ipaalam na ang tungkol sa bagong waiter na makakasama nila.

Matapos makapag-ayos ng sarili ay lumabas na rin ang dalaga mula sa kanyang maliit na opisina. Nakita niya na handa na ang lahat para sa meeting.

“Hello po, Ma’am Cielo,” masayang bati ng mga kapwa niya empleyado.

“Hi, guys,” masigla ring bati niya sa mga ito.

Hindi nagtagal at nagsimula na ang kanilang meeting. Palagi silang masaya kapag ganitong may meeting sila. Marami rin silang pagkain na pinagsasaluhan. Ina-update niya ang mga ito tungkol sa status ng kanilang branch nationwide at maging ng *Patio del Carmen* bilang isang restaurant.

Isa sa ginawa ni Cielo na paraan para maging masipag ang mga ito ay ang pagbibigay ng incentives. Kinilala at kinaibigan din niya ang mga ito para alam niya kung paano patutunguhan ang bawat isa sa mga ito. Higit sa lahat, pinakita niya sa mga ito kung anong klase dapat ang trabahong ibinibigay araw-araw. Hindi siya na-late kahit minsan, naging masipag sa lahat ng kanyang ginagawa; masigla sa tuwing nasa loob ng restaurant. Ipinakita niya sa mga ito na kung paano magtrabaho nang hindi dahil sa sahod kundi dahil gusto ng mga ito ang ginagawa.

Bata pa lang, pangarap na ni Cielo ang magkaroon

ng sariling restaurant, pero alam niya na hindi ganoon kadaling matupad iyon, kaya nang makapasok siya ng *Patio del Carmen*, itinuring na niya ito bilang kanya. Ibinuhos niya ang lahat ng lakas at kakayanan para umasenso ito kahit pag-aari ito ng mayayamang del Carmen.

Ewan niya pero ganoon na siya talaga lumaki; sa lahat ng ginagawa niya sa buhay, ibinibigay niya ang lahat-lahat na meron siya. Sinasabi nga niya palagi sa sarili niya, *You don't chase success, success will chase you* basta gawin mo lang ang best mo sa lahat.

“Isa din sa dahilan ng meeting natin ngayon ay ang bago ninyong makakasama simula bukas. As what we always do when we have new member in the team, let's guide and be kind to that person, okay?” paliwanag pa ni Cielo.

“Mars, you know that we're always kind. Kami'ng bahala doon sa bago. Right, guys?” turan ni Elaine.

Nagsigawan naman ang iba pang kasamahan nila sa team bilang pagsang-ayon sa sinabi ng assistant manager.

---

“Ma'am, nand'yan na daw po 'yung bagong waiter sa labas,” imporma ni Mayet, isa sa mga

waitresses nila.

“Ah, ganon ba? Sige, papasukin mo na,” utos ni Cielo.

Hindi nagtagal, pumasok na rin ang sinasabing bagong magiging waiter sa kanilang branch.

“Good morning po, Ma’am,” bati ng estranghero sa kanya.

“Good mo...”

Hindi na naituloy ni Cielo ang sasabihin nang makita niya ang hitsura ng kaharap. Hindi ito mukhang waiter; mas mukhang artista ang lalaki. Matangkad ito at malaki ang katawan, maganda ang kutis at malinis tingnan. Hindi na niya naituloy pa ang pagtitig dito nang mapansin na ngumiti ito sa kanya.

“Ahm, good morning. What’s your name?” nakangiti at masigla niyang tanong. Inalis niya ang tingin sa mukha nito kahit na ayaw pa sana niyang gawin iyon. Minsan lang siya humanga sa panlabas na anyo ng isang lalaki, kaya hindi siya kumportable sa nararamdaman niya nang sandaling iyon. Pero kailangan niyang gawin nang maayos ang kanyang trabaho.

Natigil ang dalaga sa iniisip nang sumagot ang

lalaki.

“Nats po, Ma’am.”

“Is that your real name?”

“Ah, hindi po, Ma’am. Palayaw ko lang po yun. Jonathan Cruz po ang real name ko.”

“Okay. Welcome to *Patio del Carmen*, Nats. I’m Cielo, the manager of this branch.” Iniabot niya rito ang kanyang kamay. Tinanggap nito iyon.

Hindi sigurado ang dalaga, pero parang nakaramdam siya ng kuryente habang magkahawak ang kanilang mga kamay. Ramdam din niya ang malambot nitong palad. Kung pwede lang na hindi na niya bitawan iyon, gagawin niya.

“Ang lambot ng kamay mo, Nats. Sigurado ka ba na waiter ang papasukan mo dito?” usisa niya.

Ayaw niyang mahalata nito ang kanyang kakaibang nararamdaman kaya pinipilit niya na maging kaswal siya.

“Ah, opo naman, Ma’am. Sanay naman po ako sa gawain, hindi ko nga po alam kung bakit malambot po ang kamay ko.”

“Okay. Sige, Nats. Napaliwanag ko na sa buong

team na may bago kaming makakasama at ikaw nga 'yun, kaya 'wag kang mahiyang magtanong sa kanila, kasi willing sila na tulungan ka para malaman mo ang mga dapat gawin dito sa *Patio del Carmen*. Sa akin din at kay Miss Elaine na assistant manager, 'wag kang mahihiyang magtanong sa amin. Okay?"

"Yes, Ma'am. Salamat po."

"Good. See you around." Pinagmasdan niya ang mukha nito. Ngumiti lang ang lalaki sa kanya. Mas lalo naman siyang natulala. Mas lalo itong gumwapo sa paningin niya. Hindi na yata siya makakapagtrabaho nang maayos kapag ganitong klase ng waiter ang makakasama niya ng restaurant.

"See you po, Ma'am. Lalabas na po ako para makapagsimula na po ng trabaho," paalam ni Nats.

"Okay."

Wala na sa harap niya ang bagong waiter pero hindi pa rin nagbabago ang kanyang pakiramdam. Kung naiba-iba siya, baka tumitili na si Cielo sa kilig ngayon.

"Mars! OMG! He's so pogi talaga. Nadagdagan pa ang reason ko para pumasok sa trabaho araw-araw," kinikilig pero pigil na sabi ng kaibigang si Elaine. Hindi niya namalayan na nasa tabi na pala niya ito.

“Alam mo, Mars, kung ganyan ang lahat ng waiters ng *Patio del Carmen*, sigurado ako na lahat ng mga branches, magaganda ang sales. Mars, ang pogi niya talaga. As in!” ulit ni Elaine nang makitang hindi siya sumagot sa una nitong sinabi. “Mars, ano ba! Pansinin mo naman ako dito. Hello!”

Paano sasabihin ni Cielo sa kaibigan na siya man ay ganoon ang nararamdaman? Na sobra siyang nagaguwapuhan sa bagong dating na lalaki.

“O ano, mars, umamin ka. Ang guwapo niya, ’no?” pangungulit pa nito.

“Elaine, umayos ka at baka marinig ka ni Eric. Naku, kapag nakita ka niya na ganyan, siguradong makikipag-break talaga sa ’yo ’yun kahit engaged na kayong dalawa at malapit nang ikasal,” sermon niya.

“Hay naku, mars, siyempre si Eric pa din ang pinakaguwapong lalaki sa balat ng lupa, ano! Hindi ko lang naman maiwasang humanga kay Nats. Ang guwapo talaga, mars. Bagay siya sa beauty mo.”

Namula si Cielo sa sinabi ng assistant manager.

“Mars, nag-blush ka, oh. Ngayon lang kita nakitang ganyan. Crush mo siya ’no? Sabagay, mars, sa tagal nating magkaibigan, pamilya at trabaho mo lang talaga ang buhay mo. Baka ito na ’yung time na

lovelife naman. Pag nanligaw sa 'yo 'yun, sagutin mo na agad ha! Baka naman kagaya ng ginagawa mo sa lahat ng suitors mo, bastedin mo lang. Naku, 'wag na 'wag, mars," mahabang litanya ng kaibigan.

"Ewan ko sa 'yo at kung anu-ano ang iniisip mo. Una sa lahat, binasted ko lahat ng suitors ko dahil wala talaga akong gusto sa kanila. Pangalawa, bakit naman manligaw sa akin 'yung si Nats? Sigurado ako na may girlfriend na 'yun o di kaya naman asawa. Kung wala man, napakaimposible na magustuhan ako n'on sa hitsura kong ito."

"Hello, mars! Anong sa *hitsura* mong 'yan? Hindi mo ba nakikita ang taglay mong kagandahan? Sobrang ganda mo kaya! Sexy pa, matalino at masipag. O ano pa ang hahanapin niya, di ba?" dere-derechong sabi ni Elaine.

"Halika na nga at bumalik na tayo sa trabaho," pagtatapos niya sa kanilang usapan.

---

Natapos ang buong araw nang hindi namalayan ni Cielo ang oras. Tama nga siguro ang sabi nila na 'time flies so fast when you are having fun.'

Pauwi na siya nang oras na iyon at nakasakay na sa jeep. Hindi pa rin maalis sa kanyang isip ang bago

niyang makakasama sa trabaho, si Nats.

Marami naman na siyang nakitang guwapong mga lalaki sa loob at labas ng *Patio del Carmen*, pero iba talaga ang dating sa kanya ng bagong waiter na iyon. Napansin niya na pati ang ilang mga babae na kasama din nila sa restaurant ay sobrang humanga sa bagong dating. Magaling din itong makisama, masipag at palaging nagtatanong ng mga dapat gawin. Naisip tuloy niya kung bakit hindi na lang kaya nag-artista ang lalaking iyon. Sabagay, marami namang mga sikat na artista na nagsimula rin bilang mga waiter sa iba't ibang mga restaurant.

“Miss, di ba dito ka na bababa?” tanong ng driver sa kanya.

“Ah naku, Manong, pasensya na po,” sagot niya saka mabilis na bumaba sa jeep.

Ano ba ang nangyayari sa kanya at wala na siyang ibang iniisip kundi ang Nats na iyon?

---

“Anak, bangon na at baka ma-late ka pa sa trabaho mo,” pasigaw na tawag sa kanya ng ina habang kumakatok ito sa pinto ng kuwarto niya.

“Nay, kanina pa po ako gising, nag-aayos lang po

ako ng sarili at bababa na din po ako,” sagot ni Cielo.

Pinagmasdan niya ang sarili sa harap ng salamin. Pinag-iisipan niya ang sinabi ng kaibigang si Elaine nang nakaraang araw; kung totoo ba na maganda siya.

Kunsabagay, marami din namang nanligaw sa kanya noon. Iyon nga lang, bukod sa hindi niya tipo ang mga ito, wala pa din sa isip ni Cielo ang mga ganoon. Siguro dahil sa panganay siya at sa kanya na napunta ang mga responsibilidad na dapat sana ay sa tatay niya, pero iniwan na nito nang mamatay ito.

Ngayon na lang din niya halos natitigan nang husto ang kanyang hitsura sa salamin. Maayos naman siya sa sarili kaya alam niya na presentable pa rin siya tingnan. Sinimulan niyang ibahin ang istilo ng kanyang buhok at nang makita na mas bumagay ito sa kanya, hindi na niya iyon ginalaw pa. Naglagay siya ng kaunting makeup sa mukha.

Ilang beses pa niyang tiningnan ang kanyang mukha bago tuluyang umalis ng kanyang kuwarto. Nakababa na siya at akmang uupo nang pansinin siya ng mga kapatid.

“Ate Cielo, ikaw ba talaga ’yan? You’re so beautiful, Ate! May boyfriend ka na ba?” masayang

tanong ng kapatid na si Charise.

“Kapag nag-aayos, may boyfriend agad? Hindi ba puwedeng magpaganda para sa sarili?” tugon niya sa kapatid.

“Ate, eh, bakit ngayon mo lang naisip magpaganda, kung para sa sarili mo naman pala? Palusot.com ka pa, Ate, di mo na lang aminin na in love ka,” sabat ni Cris sa kanilang usapan.

“Isa ka pa, Cris, ha. Tumigil ka d’yan. Hindi kita bibigyan ng budget mo pang-apply, sige ka,” pananakot niya sa kapatid na lalaki.

“Joke lang, Ate. Pero sana lagi mong gawin ’yan para sa sarili mo, sobrang ganda mo kasi talaga ngayon. Nga pala, Ate, speaking of pag-a-apply, natanggap na ako sa huli kong pinuntahan. Mag-aayos na ako ng mga requirements ngayong araw.”

“Wow. Good news ’yan, ah. Congrats. Bakit di ka nanghihingi ng pera para sa requirements?” tanong ni Cielo.

Itinuro nito ang kanyang ina.

“Binigyan ko na muna, anak, ng pera. May sobra naman doon sa ibinigay mo n’ung nakaraan,” paliwanag ng kanilang magulang.

“Ah, ganon po ba? Nay, magsabi lang po kayo kapag kulang na ang pera, ah.”

“Oo, anak. ’Wag mo na kaming masyadong intindihin at kahit papaano ay may kinikita naman ako sa pananahi minsan. Itong si Cris, magkakatrabaho na kaya makakatulong na rin sa mga gastusin ni Charise. Kung sino man iyang dahilan kung bakit nag-ayos ka nang ganyan, salamat sa kanya at ngayon lang din kita nakita na ganyan. Pati ’yang ngiti sa labi mo, simula pa kagabi pagdating mo.”

Nagulat ang dalaga sa sinabi ng kanyang nanay. Pati pala ang ngiti niya kagabi, napansin nito?

Gusto din talaga ng ginang na maging masaya siya sa buhay para hindi na lang pag-aasikaso sa pangangailangan ng kanilang pamilya ang inaatupag niya. Kaya naman, tumutulong din ito sa pagbabawas ng gastusin nila sa pamamagitan ng pagtanggap ng ilang tahiin mula sa kanilang mga kapitbahay

“Nay, salamat po sa tulong n’yo,” sabi ni Cielo. Ayaw na niyang humaba pa ang usapin tungkol sa dahilan ng kanyang pag-aayos.

Umalis na din ang dalaga sa bahay matapos mag-almusal. Hindi nagtagal, nakarating na siya sa restaurant na pinapasukan. Nasa kanya palagi ang

susi ng restaurant at siya ang nagbubukas dahil palagi din naman siyang maagang dumarating.

Sinimulan na niyang buksan ang nakakandadong pinto ng restaurant. Hindi pa niya natatapos ang ginagawa nang may nagsalita mula sa kanyang likuran.

“Ma’am, ako na po. Medyo mabigat po ’yan.”

Nilingon ni Cielo ang pinanggalingan ng pamilyar na boses na iyon at tumambad sa kanya ang lalaking kagabi pa laman ng kanyang isipan. Napatingin siya sa mga mata nito at nakita niyang nakatingin din ito sa kanya.

“Good morning po, Ma’am,” bati ni Nats.

“Ah, good morning. Ang aga mo ’ata?” Iniabot niya rito ang susi para ang lalaki na ang magbukas ng pinto.

“Ah, excited lang po kasi bago po ang trabaho, eh,” nakangiting sagot ng lalaki.

Natulala na naman siya sa kaguwapuhang taglay ng kaharap.

“Ma’am, ang ganda n’yo po ngayon. Bagay po sa inyo ’yan.”

Nahimasmasan siya nang marinig ang huling sinabi ng lalaki. Naramdaman ni Cielo na namula ang kanyang pisngi.

“Salamat, Nathan.” Pilit siyang nagpakakaswal kahit kumakabog ang kanyang dibdib.

“Ano po’ng tinawag n’yo sa akin, Ma’am?” gulat na tanong sa kanya ng lalaking kaharap.

“Nathan. Di ba, Jonathan naman ang real name mo? Mas okay sa akin na Nathan ang nickname mo kaysa Nats, eh,” paliwanag niya.

“Ah, gan’on po ba?”

“Ayaw mo ba?”

“Ah hindi po, Ma’am. Okay nga po.” Tuluyan na nitong binuksan ang pinto saka siya muling hinarap. “Pasok na po, Ma’am,” sabi nito na inalalayan pa siya.

“Salamat, Nathan.”

“Welcome, Ma’am.”

# 3

“We will have our team building this year in Batangas,” masayang balita niya sa staff.

Sa darating na weekends iyon gagawin. Taun-taon nila iyong ginagawa para magkaroon din sila ng break at panahon na makapag-bonding bilang isang team. Mabilis lang lumipas ang mga araw.

May isang linggo na simula nang dumating si Nathan sa kanilang branch. Mabilis itong natuto sa mga dapat gawin. Walang masabi si Cielo sa kasipagan ng lalaki at sa husay nitong makisama sa buong team. Masayahin din ito kaya naging malapit din agad ang lalaki sa kanilang lahat.

Nakasanayan na din niya na makita at makausap ang binata bago magbukas ang *Patio del Carmen*. Palagi kasi itong maaga rin kung dumating kaya nagkikita na sila sa labas ng restaurant at ito na ang nagbubukas. Pero napansin din ng dalaga na hindi lang sa kanya malapit ang lalaki. Pati sa kanyang kaibigan na si Elaine at sa lahat ng kapwa-employado. Nakita niya na ang mga tao na nakapaligid dito ang unang nakikipagkaibigan sa lalaki.

Okay naman sa kanya ang lahat, maliban sa isang kasamahan nila na halos hindi na umaalis sa tabi ni Nathan. Si Cheska iyon, isa sa mga waitress. Ito ang pinakabata na waitress sa kanila dahil halos lahat nasa early thirties na at iyong iba ay may mga asawa na. Mas matanda lang siya rito ng isang taon. Si Nathan naman ay mas matanda sa kanya ng isang taon.

Palaging si Cheska ang unang lumalapit at nakikipag-usap kay Nathan. Ang huli naman ay panay lang ang ngiti sa mga ginagawa rito ng dalagang waitress. Hindi niya alam kung nag-e-enjoy ba ito o sadyang mabait lang. Kunsabagay, sino ba namang lalaki ang tatanggi kung mismong babae na ang lumalapit? Si Cheska pa naman ang tipo ng babae na takaw-tingin sa mga kalalakihan. Sexy kasi itong manamit at maayos sa sarili.

Hindi niya alam kung ano ba ang namamagitan sa mga ito, basta ang alam lang niya, naiinis siya kapag nakikita ang dalawa na magkasama. Inis ba o selos? Hindi alam ni Cielo. Wala naman siyang karapatan na magselos, pero hindi niya alam kung bakit nararamdaman niya iyon.

Sa kabila ng kanyang nararamdaman, pinipili pa rin niya na maging maayos ang pakitungo sa dalawa.

May trabaho siya na kailangang gawin kaya ayaw niyang magpaapekto sa mga emosyong iyon.

“Mars, this is gonna be exciting!” bulalas ni Elaine na pumalampak pa. Halatang excited ito.

“Oo naman, mars. Exciting talaga,” sang-ayon niya.

“Ma’am Cielo, puwede daw bang magsama ng chicks?” tanong ni James isa din sa mga waiter.

Nagsigawan ang lahat at nagsimulang mag-asaran.

“Si Nathan daw, Ma’am, tatlong chicks ang dadalhin,” pang-aasar ni Jonas.

“Hindi lang si Nathan. Pati itong si Aaron, tatlong chicks din ang isasama.” Si James ulit.

Si Aaron ang pinakaguwapong waiter sa *Patio del Carmen* bago dumating si Nathan. Dati itong boyfriend ni Cheska pero nag-break ang dalawa matapos malaman ng waitress na bukod dito ay maraming pang ibang babae ang kinikita ni Aaron.

Sa hitsura pa lang, halatang matinik na talaga ang huli sa mga babae. Moreno si Aaron at lalaking-lalaki ang dating.

Nakita ni Cielo na ngumiti lang sina Nathan at Aaron. Alam siguro ng mga ito na binibiro lang sila ng mga kasamahan. Naging ‘Nathan’ na rin ang tawag kay Nats ng iba pa nilang kasamahan sa restaurant. Naririnig kasi ng mga ito ang tawag niya sa lalaki kaya gumaya na rin sa kanya. Maliban kay Cheska na nanatiling ‘Nats’ ang tawag sa lalaki.

“Sorry to say, guys, pero hindi pwede. Exclusive lang muna sa atin. Bukod sa limited ang budget, maganda din na tayo muna as a team ang magkasama-sama. Saka para walang mailang kung pag-usapan natin ang tungkol sa trabaho.”

“Okay, Ma’am Beautiful. Walang problema ’yan,” turan ni James. Iyon na ang itinawag nito sa kanya mula nang makita siyang nag-ayos.

“Walang problema sa ’yo dahil wala ka namang chicks na madadala. Lagot ka sa asawa mo kapag nagkataon,” sabat ni Elaine.

Nagtawanan ang lahat sa narinig.

“Ma’am Elaine, asawa ko lang, sapat na. Di na kailangan ng chicks. Isa pa, di naman ako kasing-guwapo nitong si Pareng Nathan para magkaroon ng maraming chicks.”

“Papayag ba si Cheska na may iba pang chicks si

Nathan?” singit ni Jonas.

“Siyempre hindi. Akin lang si Nats,” sagot naman ng babae.

Tiningnan ni Cielo si Nathan para makita niya kung ano ang reaksyon nito sa sinabi ng waitress. Nakita niya na nakatingin pala ito sa kanya. Napako rin ang paningin niya sa lalaki.

Bigla siyang natauhan nang magsalita na naman si James. “Patay ka, Pareng Nathan. Sayang pala kaguwapuhan mo dito kay Cheska, eh.”

“Tama na ’yang mga kalokohan ninyo at kailangan ko na ding umuwi at sigurado ’yung iba din,” natawang pagputol ni Elaine sa mga kasamahan.

“Tama at baka may ma-late pa bukas. Ingat kayo, guys,” pagsang-ayon ni Cielo sa kaibigan.

Mayamaya lang ay isa-isa na ding nagpaalam ang mga ito. Maiiwan pa siya para sa ilang mga kailangang tapusin. Kaunti na lang din naman iyon kaya hindi naman siya magtatagal at makakauwi na din mayamaya. May makakasama naman siya sa restaurant, iyong naka-assign na closing ngayong Linggo. Bigla siyang napangiti nang maalala na si Nathan nga pala iyon.

Hindi niya mapigilan ang maging masaya basta kasama niya ang lalaki at nakikita ang napakaguwapo nitong mukha. Kasiyahan na iyon para sa kanya.

Bigla namang napalitan ng pagkainis ang kanyang nararamdaman nang marinig si Cheska na magsalita. “I can wait for you here, Nats, para sabay na tayong umuwi. Ma’am Cielo, okay lang naman, di ba?”

“Ah, oo naman,” matipid niyang sagot. Doon na lang din niya namalayan na tatlo na lang pala silang natitira sa loob ng restaurant.

“Ah, hindi na kailangan, Cheska. Puwede ka nang mauna, marami pa din akong gagawin,” sabi ni Nathan dito.

Lihim siyang natuwa sa narinig. Hindi na nagpumilit pa ang dalagang waitress dahil nakita siguro nito na seryoso na ang mukha ng binata at mukhang ayaw talaga nitong magpaantay.

Dumerecho na muna si Cielo sa kanyang maliit na opisina para ayusin ang lahat ng dapat niyang matapos ngayong araw. Mayamaya ay natapos na din ng dalaga ang reports niya at palabas na para i-check si Nathan kung tapos na ito sa ginagawa.

Mula sa kanyang kinakatayuan, nakita niya ang

lalaki na abalang-abala sa pag-aayos ng ilang mga gamit sa loob ng restaurant. Nagulat siya sa nakita; sando na lang ang pang-itaas ng lalaki, inalis na nito ang uniform na suot kanina.

Sanay naman si Cielo na ang naka-assign sa closing ay talagang nakasando na lang kapag naglilinis. Bukod kasi sa mainit, iniawasan din marahil ng mga ito na madumihan ang uniform, pero iba ang pakiramdam niya ngayon. Kitang-kita niya kung gaano kalaki ang mga muscles nito. Bigla tuloy niyang naisip kung ano ang pakiramdam ng mayakap ng ma-muscle nitong braso.

*Napakasuwerte ng babaeng nayakap na ni Nathan,* sabi pa niya sa sarili.

Nagulat siya ng bigla itong lumingon.

“Ma’am, nand’yan po pala kayo,” bati ng lalaki.

“Ah eh, oo. Tapos na kasi ako sa ginagawa ko. Babalik na lang ako doon sa loob ’tapos tawagin mo ako kapag tapos ka na din para maisara na natin ang restaurant at makauwi na,” sabi niya at nagsimula nang maglakad.

“Ah, Ma’am, saan po kayo pupunta? Doon po ang opisina n’yo, di ba?” Itinuro nito ang kabilang direksyon.

“Ah, oo nga pala ’no,” nahiihiya niyang sagot. At dumerecho na siya sa kanyang maliit na opisina.

Hindi nga nagtagal at natapos na rin si Nathan. Mayamaya lang ay naisara na nila ang restaurant at kasalukuyan na silang naglalakad papunta sa sakayan ng mga jeep.

“Ah, Ma’am Cielo, may itatanong po sana ako.”

“Wag mo na akong i-Ma’am at i-po, Nathan. Mas matanda ka pa sa akin, di ba? Isa pa, wala naman na tayo sa loob ng restaurant,” saway niya.

“Ah okay, Cielo. May itatanong sana ako sa ’yo,” nakangiting sabi ni Nathan at nagpamaywang pa ito na parang boss.

Hindi niya maiwasang matawa sa kapilyuhan ng lalaki. “Ano ’yun?”

“Hindi ka ba napapagod sa mga ginagawa mo sa *Patio del Carmen*? Ang aga-aga mong papasok ’tapos gabi ka na makakauwi sa inyo. ’Tapos, ang dami mo pang ginagawang trabaho kapag nandoon ka sa restaurant.”

Nakita niya na bigla itong naging seryoso ng tanungin siya nito kaya sumagot din siya nang seryoso.

“Normal naman ang mapagod, di ba? ’Yung katawan natin, normal na mapapagod pero kapag masaya ka at gusto mo ang ginagawa mo, hindi mo namamalayan ang oras at pagod,” paliwanag niya sa lalaki sabay tingin dito.

Nakatingin din ito sa kanya at mayamaya ay unti-unting ngumiti.

“Ang swerte siguro ng mga mahal mo sa buhay, ’no? Mga magulang mo, kapatid at boyfriend,” biglang sabi ng lalaki.

“Wala na si Tatay. Maaga niya kaming iniwan. Sayang nga kasi hindi ko nagawang iparanas sa kanya ang mga napaparanas ko ngayon kay Nanay. Simula n’ung nawala si Tatay, ako na ang nagsilbing tatay sa dalawa kong kapatid,” kuwento ni Cielo.

“Sigurado ako, nasaan man ang tatay mo, sobrang proud siya sa ’yo.”

“Sana nga,” sabi niya rito.

“Sigurado ’yun. Eh ’yung boyfriend mo pala? Bakit di ka yata niya hinahatid, o di kaya sinusundo nitong mga nakaraang araw?” usisa ng kausap.

“Boyfriend? Nakakain ba ’yun?” pabiro niyang sagot.

Sabay silang nagtawanan.

“Nakita kita n’ung nakaraan, hinatid ka niya dito.”

“Ah, si Michael ’yun. Kapitbahay namin at kababata ko, naging matalik ko na ring kaibigan. Hindi ko boyfriend ’yun. Makulit na manliligaw ko dati pero basted na ’yun dati pa. Sadyang makulit lang ’yun. Nangungulit na naman ngayon.”

“So puwede pala kitang ihatid ngayon kasi walang magagalit?”

Nagulat ang dalaga sa narinig at agad siyang napatingin dito. Malaki ang ngiti ni Nathan sa labi at bakas ang kaligayahan. Hindi niya alam kung ano ang isasagot sa tanong nito, pero aaminin niya na sobrang saya ang naramdaman ng puso niya nang marinig ang sinabi nito.

“Ah eh, ano kasi... kahit hindi na. Kaya ko naman na ang sarili ko,” tugon ni Cielo. Ayaw rin naman niya na magmukhang easy to get.

“Please, Cielo. I insist.” Tiningnan siya nito; nagpapaawa ang ekspresyon ng mukha.

“Ah, okay. Ikaw. Kung ’yan ang gusto mo,” sabi na lang niya.

Pigil na pigil ng dalaga ang sarili. Kung puwede lang sumigaw sa sobrang kaligayahang kanyang nararamdaman, kanina pa niya sana iyon ginawa.

May dumaan na jeep na biyaheng sinasakyan niya pauwi sa bahay. Papara na sana siya nang biglang magsalita na naman si Nathan.

“Wait, Cielo. Can we just ride taxi instead of a jeep? What I mean is, gabi na din kasi. Baka puwedeng mag-taxi na lang tayo?”

“Ay, ano ka ba, Nathan. Mahal masyado kapag nag-taxi tayo. 'Ayan na ang jeep. Papara lang tayo.”

Walang nagawa si Nathan kundi sumunod sa kanya. Dahil gabi na at wala nang traffic, mabilis lang silang nakarating sa pupuntahan.

“Dito na ang bahay namin. Salamat, Nathan, sa paghatid mo.”

“Walang anuman, Cielo,” nakangiting sagot nito sa kanya.

“O, anak, nandyan ka na pala. May bisita ka pala. Halika nga at papasukin mo dito,” anang kanyang ina na lumabas na sa bakuran nila.

“Ah, Nay, baka po kasi gabihin si Nathan, eh.”

“Okay lang, Cielo,” kontra ng binata.

Wala na siyang nagawa kundi ayain ito. “Ah, o sige, pasok ka sa loob.”

“Charise, halika nga dito sa ’baba at ipaghanda mo ng merienda ’tong bisita ng ate mo.”

“And’yan na po, pababa na.”

Nakita ni Cielo na natulala ang kapatid nang makita ang bisita niya. Kita niya sa mukha nito ang paghanga kay Nathan. “Hi po, Sir. Kayo po ba ang may-ari ng *Patio del Carmen*?” tanong pa ni Charise sa lalaki.

“Ahh...”

“Isa siya sa mga waiters sa restaurant, Charise.” Siya na ang sumagot sa tanong ng kanyang kapatid.

Namula ang mukha ng huli. “Mukha po kasi kayong mayaman, kaya akala ko kayo po ang boss ni Ate. Pasensya na po.”

“Ah, naku hindi. Ang ate mo ang boss namin doon sa *Patio del Carmen*,” sagot ni Nathan.

“Sandali lang po at ipaghahanda ko kayo ng maiinom ninyo,” sabi ni Charise.

“Mabuti pa nga na ’yan ang gawin mong bata ka

kaysa kung anu-ano ang pinagtatatanong mo sa bisita natin,” natatawang sabi ng kanilang nanay.

Habang masaya silang nag-uusap, bigla namang dumating si Cris. “O may bisita pala tayo. Boyfriend mo, Ate?” tanong kaagad nito.

“Hindi. Kasamahan ko sa trabaho,” nahihiyang sagot ni Cielo. Kahit kailan talaga hindi niya maasahan ang mga kapatid na tumahimik lang sa gilid. Palaging may mga sasabihin ang mga ito.

“Kailangan na pong umuwi ni Nathan at gabi na po masyado,” pagpapaalam niya sa kanyang nanay.

“Oo nga, hijo. Sa susunod na lang ulit,” sang-ayon naman ng matanda.

Tumayo na ang binata. “Opo. Marami pong salamat sa inyo. Mauuna na po ako.”